38-13

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS**
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
UL Complex, Meralco Avenue
Pasig, Metro Manila

**TANGGAPAN NG KALIHIM**
**(OFFICE OF THE SECRETARY)**

Agosto 7, 1998

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 320, s. 1998

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA WIKANG FILIPINO
SA PAGDIRIWANG NG SENTENARYO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino (PSWF), Rehiyon VII, na nakabase sa Cebu State College, sa pakikipagtulungan sa Komisyon ng Wikang Filipino at pakikipapag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Wikang Filipino na may paksang: Wikang Filipino: Wika ng Sentenaryo. Ito'y gaganapin sa Convention Hall ng Cebu State College, Jones Avenue, Lungsod ng Cebu sa Setyembre 17-19, 1998.

2. Pagkatapos ng seminar, ang mga kalahok ay inaasahang

a. magkakaroon ng kamalayan sa lubusang paggamit ng wikang Filipino kaugnay ng pagdiriwang ng sentenaryo;

b. mapalalaganap ang diwang Pilipino sa wikang Filipino;

c. magkakaroon ng kakayahan sa paghahanda ng pyesang pambigkasan na ang diwa ay nakapokus sa pagdiriwang ng sentenaryo;

d. magkakaroon ng kakayahang humatol sa mga patimpalak-bigkasan kaugnay ng pagdiriwang ng sentenaryo; at

e. mapapayaman ang paggamit ng Filipino sa binagong kurikulum ng CHED para sa masiglang pagdiriwang ng sentenaryo.

3. Inaasahang dadalo sa seminar-worksyap na ito ang mga Panrehiyon/Pansangay na superbisor, Tagapag-ugnay / Tagapangulo sa/ng Wikang Filipino, Agham panlipunan at Sibika at Kultura, mga kinatawan ng mga paaralang elementarya at sekundarya, pribado o publiko man. Pinahinhintulutang dumalo ang sinumang

guro sa pasubaling ang kanilang klase ay hahawakan ng mga gurong may bakante o kaya maaaring ipamahagi ang mga mag-aaral sa sinumang guro na kapareho ng gradong tinuturuan ng gurong dadalo sa seminar.

4. Manggagaling sa pondong lokal ang ibabayad sa transportasyon mula sa pinanggalingang paaralan o tanggapan hanggang sa lugar ng seminar at pabalik; gayundin ang Isanlibo't Dalawang Daang pisong( P1,200.00) ibabayad sa seminar para sa anim (6) na meryenda, 3 tanghalian, seminar kit, at iba pang gastusin kaugnay ng seminar-worksyap, sa pasubaling may pondo at sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

5. Para matiyak ang bilang ng ihahandang pagkain at seminar-kit, mangyaring magpadala ng reserbasyon bago dumating ang Setyembre 10,1998. Sa mga nagnanais tumigil sa dormitoryo ng CSC, ipadala ang inyong reserbasyon nang mas maaga sa nabanggit na petsa kay:

Dr. Irma V. Ugot
Direktor
Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino
Cebu State College
Jones Avenue, Lungsod ng Cebu

6. Hinihiling ang agaran at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Sanggunian:
W a l a

Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS
SEMINARS
TEACHERS
WORKSHOPS